Canadian HIV/AIDS Legal Network | Réseau juridique canadien VIH/sida

## Nabubuhay nang may HIV: Alamin ang Iyong mga Karapatan

# PAGSISIWALAT AT POST-SECONDARY NA EDUKASYON

## Mga Tanong at Sagot

### 1. Bilang isang estudyante sa isang post-secondary na institusyon, kailangan ko bang ipaalam na mayroon akong HIV?

Sa karamihan ng mga sitwasyon, walang legal na obligasyong sabihin sa isang post-secondary na institusyon (ibig sabihin, trade school, programa sa pagsasanay sa trabaho, kolehiyo o unibersidad) na mayroon kang HIV. Kung ipapaalam mo man o hindi ang iyong HIV status sa paaralan, at kung kanino, nasa sa iyo. Ang iyong impormasyon sa personal na kalusugan, kasama na ang iyong HIV status, ay isang pribado at personal na impormasyon.

Ang HIV ay hindi naipapasa sa kaswal na contact, kung kaya't karaniwan ay walang dahilan ang isang institusyong pang-edukasyon na iatas ang pagsisiwalat. Ipinagbabawal ng batas sa karapatang pantao ng Canada ang diskriminasyon batay sa kapansanan kapag naghahatid ng serbisyo, kabilang na ng edukasyon. Ang HIV at AIDS ay itinuturing na mga kapansanan sa ilalim ng batas. Ang ibig sabihin nito ay hindi maaaring hilingin ng isang institusyong pang-edukasyon na malaman ang iyong HIV status gaya lang ng hindi maaaring itanong sa iyo ang iyong piniling sekswalidad, kalagayang-sibil, relihiyon, o iba pang personal na katangian. Labag sa batas na diskriminasyo ang humiling ang isang paaralan ng ganitong impormsyong ito bilang kondisyon ng pagkakatanggp o pagtutuloy sa paaralan.

Ngunit tandaan na, kung ikaw ay nag-aaral ng isang program para sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring may ilang eksepsyon sa pangkalahatang panuntunang ito na hindi mo kailangang isiwalat (tingnan sa ibaba).

### 2. Paano kung ako ay nag-aaral sa larangan ng pangangalagang pangkalusugan? Kailangan ko bang sabihin sa aking kolehiya/unibersidad, guro, propesor, mentor o preceptor na mayroon akong HIV?

Habang nag-aaral sa karamihan ng mga programa, hindi itatanong sa mga estudyante kung mayroon silang HIV. Ngunit, maaaring hilingin sa mga estudyante na sabihin ito kung sila ay nagsasanay para sa ilang propesyong pangkalusugan kung saan mayroong (napakaliit na) posibilidad ng pagpapasa ng HIV, gaya ng medisina at pagdedentista. Maaaring hilingin ng administrasyon ito at umasa sa boluntaryong pagsisiwalat ng mga

nakakahawang sakit, o humiling ng medikal na dokumentasyon na nagsasama sa mga resulta ng kamakailang pagsusuri sa HIV.

Madalas, hinihiling sa mga estudyante na sabihin sa kolehiyo o unibersidad kung sila ay nag-aaral sa mga propesyong pangkalusugan kung saan ang propesyonal na Patakaran sa Pag-uugali ay nag-aatas ng pagsisiwalat upang makapagtrabaho pagkatapos ng graduation. Halimbawa, ang College of Physicians and Surgeons ng Ontario ay may patakaran ukol sa pag-aatas ng pagsisiwalat ng mga doktor na may HIV o hepatitis B o C na kasama sa kanilang trabaho ang "mga exposure-prone na procedure." (Ang mga ito ay mga invasive na procedure kung saan may panganib na matusok ng isang matalas na instrumento ang health care worker o matusok ang tissue sa loob ng katawan o sugat, samakatuwid ay malalantad ang pasyente sa dugo ng worker. Ang mga katulad na patakaran ay umiiral sa karamihan ng mga probinsya.

Sa mga programang ito ng pag-aaral, ang personal na impormasyon sa kalusugan tungkol sa mga nakakahawang sakit ay maaaring hilingin mula sa mga estudyante bago ang aktwal na karansan sa pagsasanay, gaya ng mga placement sa iba-ibang setting ng klinika. Kung kanino ibibigay ang medikal na impormasyon ay maaaring magkakaiba sa bawat institusyon. Halimbawa, ito ay maaaring sa direktang supervisor o dean ng paaralan. Kompirmahin ang mga tiyak na kahilingan sa iyong programa sa kolehiyo o unibersidad.

Sa Quebec, ang Institut national de santé publique du Québec (INSPQ) ay mayroong Blood-Borne Infection Risk Assessment Unit (Service d'évaluation des risques de transmission d'infections hématogènes, or SERTIH). Para sa ilang propesyong pangkalusugan, may ekspertong panel ng unit na ito ang magsusuri ng mga indibidwal na kaso at magsagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa anumang pagsasaayos sa iyong practice o pagsasanay na maaaring kinakailangan at posibleng gawin. Ipinapadala ng SERTIH ang impormasyon sa iyong institusyong pang-edukasyon (o sa iyong nangangasiwa sa propesyon kung ikaw ay nasa practice na). Ang pagsisiwalat ng HIV ay hindi kinakailagan sa lahat ng sitwasyon, kahit pa ang pagsisiwalat ng ibang impeksyon ay hinihiling (hal., tuberculosis, hepatitis A).

Ang impormasyong ukol sa kalusugan ng isang estudyante, kabilang na ang HIV status, ay hindi upang ibukod ang mga estudyante kungdi upang matiyak na ang mga panganib sa panghahawa ay mababawsan habang mas natututo ang mga estudyante at ginagamit ang kanilang nalalaman kabilang na ang "mga exposure-prone na procedure." Para sa mga estudyanteng may HIV, maaaring may isagawang pagtatasa sa panganib, pagpapayo, at maaaring may itakdang mga paghihigpit sa praktikal na pagsasanay ng estudyante. Ang impormasyong nakolekta para sa mga layuning ito ay dapat panatilihing kompidensyal at dapat gamitin lamang para sa mga layuning ito.

Ang lahat ng estudyante, kung sila may ay may na-diagnose na nakakahawang sakit o wala, ay dapat turuan ng mga wastong pamamaraan sa pagkontrol ng impeksyon. Karagdagan pa rito, walang panganib ng pagpapasa ng HIV maliban sa ilang exposure-prone na procedure (at kahit pa, napakalliit ng panganib). Samakatuwid, maliban kung

limitado sa mga sitwasyon kung saan magsasagawa ka ng mga ganitong procedure bilang bahagi ng iyong pagsasanay, ang mga kahilingan ng mga institusyong pang-edukasyon na isiwalat mo ang ganitong impormasyon ay maaaring labis o hindi makatuwiran.

Gayunpaman, kung ikaw ay isang estudyante sa isa sa mga programang ito, at may HIV, kakailanganin mong magpasya kung paano mo sasagutin ang mga tanong sa screening, o ang kahilingan para sa medikal na impormasyon. Maaari mong piliing ibigay ang hinihiling na impormasyon ngunit magsama ng isang sulat na nagsasabing sa palagay mo ay ang kahilingan sa pagsisiwalat ay isang kalabisan, at bigyang-diin ang dapat panatilihing komidensyal ang iyong impormasyon. Maaari mong tanggihan ang pagbibigay ng hinihiling na impormasyon, at sabihin na sa palagay mo ito ay hindi makatuwirang pakikialam sa iyong pagkapribado.

Ano man ang piliin mong gawin, dapat mong isaalang-alang kung sa palagay mo ang kahilingan ay labis para sa sitwasyon, kung ikaw man ay handang harapin ito (halimbawa, sa pamamagitan ng paglulunsad ng reklamong ukol sa karapatang-pantao) at ang mga posibleng epekto sa iyong pag-aaral at karera. Maaari kang tulungan ng isang organisasyong naghahatid-serbisyo sa AIDS o isang legal na klinika, upang tasahin ang iyong mga opsyon.

### 3. Maaari ba akong humingi ng dagdag na tulong upang makaabot sa mga deadline at mga layuning pang-edukasyon dahil sa sakit o mga limitasyong nauugnay sa aking HIV status?

Oo. Upang matiyak ang pagiging patas sa mga estudyanteng may mga kapansanan, ang mga post-secondary na institusyon ay inoobligahang tanggapin ang mga estudyanteng nangangailangan nito dahil sa isang kapansanan. Ang obligasyong ito ay inilalapat sa parehong pampubliko o pribadong paaralan. Kung ang pagtanggap na hinihiling ay magsasanhi ng "hindi makatuwirang paghihirap" sa institusyon — ibig sabihin, na magiging napakahirap o napakamahal ang pagpapatupad dito — hindi ito kailangang ibigay ng institusyon. Ngunit dapat ay mapatunayan nitong ito nga ang sitwasyon.

Ang pagtanggap ay dapat na ibatay sa mga indibidwal na pangangailangan ng estudyante, na maibigay ito nang napapanahon, at masubaybayan at matasa upang maaari itong baguhin sa pagdaan ng panahon kung kinakailangan. Ang pagtanggap sa paaralan ay maaaring mangahulugang pagsasaayos sa mga pamamaraan ng pagtuturo at pagtatasa, upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan ng isang estudyanteng may kapansanan, at mapayagan ang estudyanteng gawin ang lubos nilang makakaya, nang patas gaya ng ginagawa ng ibang estudyante. Halimbawa, ang isang estudyanteng may sakit na nagsasanhi ng di-pangkaraniwang pagkapagod ay maaaring bigyan ng mas dagdag na oras upang tapusin ang mga pagsusulit o takdang-aralin.

Upang maging kwalipikado para sa pagtanggap, kailangan mong sabihin sa paaralan na mayroon kang kapansanan at magbigay ng naaangkop na dokumentasyon (hal., isang sulat mula sa iyong doktor) na nagpapaliwanag sa tulong na kinakailangan mo upang matugunan ang mga kahilingan ng programa. Hindi mo kailangang isiwalat ang iyong

ispesipikong (mga) medikal na kondisyon, gaya ng HIV, upang matanggap. Ngunit, kung hindi ka magbibigay ng sapat na medikal na impormasyon, maaaring hindi atasan ang institusyon na ibigay ang iyong mga kahilingan.

Maraming mga kolehiyo at unibersidad ang may mga resource center para sa may kapansanan, o mga tanggapan para sa mga estudyanteng may kapansanan na maaaring makatulong sa iyong makakuha tulong, kung kiinakailangan, upang maipagpatuloy ang iyong pag-aaral. Mayroong direktoryo ng mga serbisyo para sa may-kapansanan sa campus sa National Educational Association of Disabled Students (NEADS) (tingnan sa ibaba).

Hindi mababago ng pagtanggap sa pag-aaral ang mga mahahalagang pangangailangan ng programa o ang mga inaasahan na kasama sa iyong programang pang-edukasyon. Kakailanganin mo pa ring pumasa sa mga pagsusulit o iksaminasyon, magpasa ng mga takdang-aralin at ipakita na bihasa ka na sa mga kinakailangang kakayahan.

### 4. Kailangan ko bang sabihin sa aking mga kaklase na mayroon akong HIV?

Hindi mo kailangang sabihin na ikaw ay may HIV status sa iyong mga kaklase. Hindi maaaring mailipat ang HIV sa kaswal na contact. Nasa sa iyo kung magpasya kang ibahagi ang impormasyong iyon sa ibang mga estudyante.

## 5. Kung sabihin ko sa isang tao sa paaralan na mayroon akong HIV, papanatilihin ba nilang kompidensyal ito?

Depende kung kanino mo ito sinabi.

Kung sasabihin mo ang iyong HIV status sa isang guro, dean, mentor, tagapayo, residence staff, administrative staff o ba pang nagtatrabaho sa opisyal na kapasidad sa isang post-secondary na institusyon, dapat panatilihing kompidensyal ng taong iyon ang impormasyong ito. Alinsunod sa batas, hindi maaaring magsiwalat ang isang institusyon ng impormasyon tungkol sa HIV status ng isang estudyante (o ibang medikal na impormasyon) sa iba (hal., mga magulang, guro, iba pang estudyante, mga potensyal na employer, atb.) nang walang pahintulot ng estudyante, maliban sa mga bibihirang pagkakataon. Kung nakatala ang HIV status sa iyong file sa mga serbisyong pangkalusugan at pagpapayo ng paaraln, ito ay itinuturing na kompidensyal na impormasyon at hindi dapat ibahagi sa department ng institusyon.
However, these legal obligations to keep your HIV status confidential ay *hindi* nailalapat sa isang kaklase, kasamahan o iba pang tao sa paaralan na hindi gumaganap sa isang opisyal na kapasidad para sa institusyon.

Batay sa nakagawian, madalas ay mahirap kontrolin ang daloy ng impormasyon sa paaralan, at ang mga legal na lunas ay limitado lamang kapag nagkaroon ng paglabag sa pagkapribado. Pinoprotektahan ng pederal, probinsyal at teritoryal na batas sa pagkapribado ay pagkakompidensyal ng personal na impormasyon ng isang indibidwal, kabilang na ang impormasyon sa kalusugan sa mga opisyal na record sa paaralan. Kung naniniwala kang nasira ang iyong pagkapribado ng isang institusyong pang-edukasyon, makipag-ugnayan sa isang abogado, legal na klinika o inyong komisyoner sa probinsya/teritoryo para sa pagpapayo. (Sa Manitoba, ang Ombudsman ang siyang komisyoner sa pagkapribado sa probinsya.)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga lunas para sa mga paglabag sa pagkapribado, tingnan ang sanggunian sa seryeng ito na pinamagatang **"Mga lunas para sa diskriminasyon at mga paglabag sa pagkapribado sa lugar ng trabaho."** Ang karamihan sa impormasyong iyon ay naaangkop rin sa konteksto ng edukasyon.

## 6. Anong proteksyon ang mayroon ako laban sa diskriminasyon at panggugulo sa paaralan?

Sa ilalim ng batas ng karapatang-pantao, ikaw ay protektado laban sa diskriminasyon ant panggugulong nauugnay sa HIV (na itinuturing na anyo ng diskriminasyon) sa paaralan. Ang mga batas sa karapatang pantao ay nakalapat sa parehong gobyerno at pribadong sektor. Ang ibig sabihin nito ay nasasaklaw ang mga institusyong pang-edukasyon.

Sa pederal na hurisdiksyon at sa bawat probinsya at teritoryo, may batas sa karapatang pantao na maaaring iangkop sa mga institusyong pang-edukasyon. Sa karamihan ng mga hurisdiksyon, ang naaangkop na Komisyon sa Karapatang Pantao ay nagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo sa mga taong naniniwalang sila ay dumaan sa

diskriminasyon. Maraming reklamo ang naaayos sa pamamagitan ng pamamagitan o mediation. Kung hindi magtagumpay ang mga pagsubok sa pamamagitan, magpapasya ang komisyon kung isasangguni ang kaso sa isang korte ng karapatang pantao para sa paglilitis. Kung magpasya ang komisyon na huwag isangguni ang kaso sa isang korte, ito na ang magiging katapusan ng reklamo.

Ang mga pamamaraan at serbisyong makukuha sa bawat probinsya o teritoryo ay magkakaiba kaya makipag-ugnayan sa wastong komisyon para sa detalyadong impormasyon. Sa British Columbia, Ontario at Nunavut, ang mga reklamo ay direktang inihaharap sa Korte ng Karapatang Pantao ng probinsya o ng teritoryo, sa halip na sa komisyon.

Tandaan na karaniwan ay may "hangganan ng panahon," at ang ibig sabihin nito ay dapat mong i-file ang iyong reklamo sa loob ng isang partikular na panahon pagkatapos maganap ang diskriminasyon. Madalas, ang tagal ng panahon ay isang taon, ngunit alamin ito mula sa kaukulang komisyon.

Libre ang pagfa-file ng reklamong ukol sa karapatang pantao. Hindi mo na kailangan ng abogadong kakatawan para sa iyo, ngunit maaari mong piliing magkaroon din nito. Kung ikaw ay kukuha ng isang abogado, ito ay magiging pansarili mong gastusin, maliban kung makakakuha ka ng mga libreng serbisyo mula sa legal na klinika o iba pang serbisyo sa legal na tulong. Ang komisyon sa karapatang pantao kung saan ka makikipag-ugnayan ay maaaring magmungkahi ng mga ganitong mapagkukunan ng tulong.

Tandaan na maraming iba-ibang tao at organisasyon ang makakapagbigay sa iyo ng impormasyon at suporta, ngunit isang abogado *lang* ang maaaring makapagbigay ng legal na pagpapayo na partikular sa iyong sitwasyon.

Tingnan ang sanggunian sa seryeng ito na pinamagatang **“Mga lunas para sa diskriminasyon at mga paglabag sa pagkapribado sa lugar ng trabaho”** para sa karagdagang impormasyon sa maaari mong gawin kapag nakaranas ka ng diskriminasyon sa iyong post-secondary na institusyon. Ang karamihan sa impormasyong naroon ay naaangkop rin sa konteksto ng edukasyon. Kumuha ng legal na pagpapayo mula sa isang abogado o legal na klinikal tungkol sa iyong personal na sitwasyon.

## 7. Ano ang dapat kong gawin kapag nakaranas ako ng diskriminasyon sa paaralan?

Kung naniniwala ka na ikaw ay dumaranas ng diskriminasyon o panggugulo sa paaralan, subukan mong magtago ng tala para sa mga nangyayari. Kung posible, dapat kasama sa mga tala mo ang:

- petsa ng (mga) insidente;
- paglalarawan ng (mga) insdidente;
- mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga saksi, kung mayroon;

- ang nasabi o nagawa sa iyo at kung paano ka tumugon; at
- mga kopya ng lahat ng may-kaugnayang e-mail, text message, post sa social media (hal., Facebook, Twitter), mga sulat at dokumento.

Minsan, ang pakikipag-usap sa isang taong may kagagawan ng pandidiskrimina ay maaaring makalutas sa sitwasyon. Maaari mo ring ipaalam ang isyu sa isang supervisor, propesor/tagapagturo o dean, dahil ang paaralan ay may obligasyong gumawa ng mga hakbang upang matiyak na ang mga estudyante ay hindi haharap ng diskriminasyon doon. Ang iyong lokal na organisasyong naghahatid-serbisyo sa aids ay maaaring makatulong sa iyo na pag-isipan ang iba-ibang opsyon at suportahan ka kung magpasya kang gawin ang mga ito.

Maaaring gustuhin mong makipag-ugnayan sa naaangkop na pamprobinsya o panteritoryong komisyon para sa karapatang pantao, para sa impormasyong tungkol sa pagpapasimula ng reklamong ukol sa karapatang pantao at para sa iba pang referral. Maaari mo ring piliing makipag-ugnayan sa isang abogado para sa legal na pagpapayo tungkol sa iyong partikular na sitwasyon. Maaaring makipag-ugnayan ang abogado sa iyong kolehiyo, unibersidad o paaralan sa ngalan mo, bilang pagsubok na maitigil ang diskriminasyon.

## Para sa karagdagang impormasyon

*The Charter in the Classroom: Students, Teachers and Rights*, “Concept 8: Equality — Accommodation of Difference” and “Concept 9: Equality — Protection from Discrimination.” Online: www.thecharterrules.ca.

Ang National Educational Association of Disabled Students (NEADS): www.neads.ca.

Ontario Human Rights Commission, “Guidelines on Accessible Education” (2004; revised 2009). On-line: www.ohrc.on.ca.

College of Physicians & Surgeons of Ontario, “Blood-borne Pathogens”, Policy #3–12 (1998, revised 2005, 2012). On-line: www.cpso.on.ca (“Policies”).

**Ang impormasyong nasa lathalang ito ay impormasyong tungkol sa batas, ngunit ito ay hindi legal na pagpapayo. Para sa legal na pagpapayo, mangyaring makipag-ugnay sa isang abogado sa iyong rehiyon.**

Ang dokumentong ito ay nagsimula bilang isa sa serye ng walong polyeto (sa English at French), ukol sa mga karapatan ng mga taong may HIV sa Canada.

Ang mga kopya ng dokumentong ito ay makukuha sa website ng Canadian HIV/AIDS Legal Network sa www.aidslaw.ca. Hinihikayat ang paggawa ng mga kopya, ngunit hindi maaaring ibenta ang mga kopya, at dapat banggitin ang Canadian HIV/AIDS Legal Network bilang pinagmulan ng impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Legal Network sa info@aidslaw.ca.

**Ang pondo upang mailimbag ang mga naunang bersyon ng dokumentong ito sa English at French ay nagmula sa Public Health Agency of Canada. Ang pondo para sa pagsasalin nito ay ibinigay ng Ontario Ministry of Citizenship and Immigration. Ang mga opinyong naipahayag ay mula sa mga may-akda/tagasaliksik at hindi nangangahulugan na ito ay mga pananaw o patakaran ng mga nagbibigay ng pondo.**

© Canadian HIV/AIDS Legal Network, 2013